



---

## PAHAYAG SA MEDIA

**ILALABAS KAAGAD:** Disyembre 19, 2019

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Aaron Richardson - 415.749.4900

### **Matatapos na ang panahon ng may pahintulot na pagsusunog para sa mga pagsusunog ng dayami**

**SAN FRANCISCO** - Inaanunsiyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) na matatapos ang panahon ng may pahintulot na pagsusunog para sa mga pagsusunog ng dayami sa Bay Area sa Martes, Disyembre 31, 2019.

Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi magdedeklara ng mga pinapahintulutang araw ng PAGESUNOG kapag may umiiral na *Spare the Air Alert (Alerto na Iligtas ang Hangin)*.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad ng hangin. Pinapayagan ang ilang partikular na pagsunog para sa mga layuning pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog, at pag-iwas sa mga panganib ng sunog, bukod sa iba pang layunin, kung naaangkop ang mga kundisyon ng lagay ng panahon para sa pagkalat ng usok. Maraming bukas na pagsunog ang limitado sa mga partikular na panahon sa kabuuan ng taon. Ang bawat araw ng taon ay itinatalaga bilang araw ng PAGESUNOG o araw kung kailan HINDI MAAARING MAGSUNOG, at makakapagtakda lang ng mga pinapahintulutang pagsunog sa itinakdang panahon ng pagsunog para sa mga ito, sa isang itinalagang araw ng PAGESUNOG.

Nalalapat ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kasama ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, southwestern Solano, at mga county ng southern Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District para sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: [www.baaqmd.gov/rules](http://www.baaqmd.gov/rules). Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa libheng numero ng Air District sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

###

---

Air District Communications Office  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)